10

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO 10 (Ikaapat na Markahan-USLeM 1)


**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Maria Caroline B. Dela Cruz, Teacher III at Mercy Q. Gomez, Teacher I |
| **Tagaguhit:** | Camila Reigne Guinoban at Davimher Landas |
| **Tagalapat:** | Maria Caroline B. Dela Cruz, Teacher III, MSHS |
| **Manunulat ng LAS:** | Maria Caroline B. Dela Cruz, Teacher III at Mercy Q. Gomez, Teacher I |
| **Tagasuri ng Nilalaman:** | Nelia G. Abejar, Head Teacher V, MNHS-Main |
| **Tagasuri ng Wika:** | Mary Ann O. Wijetunge, Master Teacher I, MNHS-Main |
| **Tagapamahala:** | Dr. Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR<br>Dr. Dominico C. Idanan, SDS SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR<br>Madeline Ann L. Diaz, CID Chief, SDO-Muntinlupa City<br>Dr. Ma. Gloria G. Tamayo, Regional EPS, Filipino<br>Dr. John Albert B. Colle, EPS-Filipino, SDO-Muntinlupa City<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR<br>Dr. Gina U. Urquia, LR EPS, SDO-Muntinlupa City<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Cecilia A. Ilarde, Librarian SDO-Muntinlupa City |

| Aralin 1 | Kaligirang Pangkasaysayan ng El Filibusterismo |
|---|---|

## INAASAHAN

Sa modyul na ito ay malilinang ang iyong pagkatuto. Dama ko ang iyong pananabik sa susunod nating aralin, kaya naman narito ang mga gawaing tiyak na lilinang sa iyong kaisipan at kasanayan.

1. Natitiyak ang kaligirang pangkasaysayan ng akda sa pamamagitan ng:
   - pagtukoy sa mga kondisyon sa panahong isinulat ang akda
   - pagpapatunay ng pag-iral ng mga kondisyon sa kabuuan o ilang bahagi ng akda
   - pagtukoy sa layunin ng akda sa pagkasulat nito **(F10PB-IVa-b-86)**

2. Napahahalagahan ang napanood na kaligirang pangkasaysayan ng pagkakasulat ng El Filibusterismo sa pamamagitan ng pagbubuod nito gamit ang *timeline* **(F10PD-Iva-b-81)**

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahin ang mga tanong. Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Sino ang sumulat ng mga obra maestrang Noli Me Tangere at El Filibusterismo?
   A. Graciano Lopez Jaena C. Jose Palma
   B. Marcelo H. Del Pilar D. Jose P. Rizal

2. Alin sa mga pangyayaring nakatala sa ibaba ang **HINDI** maibibilang sa mga suliraning pinagdaanan ng mga Pilipino sa ilalim ng pananakop ng Kastila?
   A. korapsyon C. pangangamkam ng lupa
   B. kawalan ng hanapbuhay D. paglabag sa karapatang pantao

3. Ano ang kahulugan ng El Filibusterismo?
   A. kanser ng lipunan C. huwag mo akong salingin
   B. kalaban ng mamamayan D. kalaban ng simbahan at pamahalaan

4. Alin sa mga kalagayang panlipunan ang higit na nag-udyok kay Dr. Jose P. Rizal upang magtungo sa España?
   A. paglabag sa bawat karapatang pantao
   B. pagnanais ng paghihimagsik ng mga Pilipino
   C. pang-aabuso sa kapangyarihan ng mga Kastila
   D. pagkawala at pagkawasak ng mga ari-arian ng mga Pilipino

5. Alin sa mga suliraning panlipunan ang naging dahilan upang mauwi sa kahirapan ang kaniyang sariling pamilya at mga kababayan sa Calamba?
   A. pag-aalsa ng mga Pilipino
   B. pang-aabuso sa mga kababaihan
   C. kakulangan sa sapat sa edukasyon
   D. pagkawala at pagkamkam ng mga ari-arian

## BALIK-TANAW

**Panuto**: Kilalanin ang mga tauhan mula sa Noli Me Tangere. Piliin sa loob ng kahon ang letra ng tamang sagot at isulat sa patlang.

| | | |
|---|---|---|
| A. Maria Clara | B. Padre Salvi | C. Donya Victorina |
| D. Sisa | E. Basilio | F.Crisostomo Ibarra |

___ 1. Tauhang may malaking pagkagusto kay Maria Clara at siyang naging dahilan ng kasawian ni Crisostomo Ibarra.

___ 2. Babaeng nagpapanggap na mestisang Kastila na kinukulapulan ng makapal na kolerete sa mukha.

___ 3. Anak ng isa sa pinakamayaman sa San Diego na nag-aral sa Europa.

___ 4. Anak ni Sisa na inakusahan ng pagnanakaw ng pera sa simbahan at nakaranas ng pagmamalupit sa kamay ng Sakristan Mayor.

___ 5. Masintahing ina na ang tanging kasalanan ay pagkakaroon ng asawang pabaya at malupit.

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

Halos limang taon matapos isulat ni Dr. Jose P. Rizal ang Noli Me Tangere nang magsimula siya sa pagbuo ng El Filibusterismo taong 1890. Malaki ang naging ambag ng kaniyang aklat sa paggising at pag-alab ng diwa at damdamin ng mga Pilipino. Kulang man sa pondo sa pagpapalimbag ng aklat, nakaranas ng pagkagutom, sakit dala ng pagod at kakulangan sa salapi sapagkat hindi dumating ang mga inaasahang tulong mula sa Pilipinas ay hindi naging hadlang sa kaniya upang ipagpatuloy ang matinding kagustuhan na maibahahagi ang mga pananaw at ideolohiya mula sa kaniyang obra.

Ayon kay De Guzman (1960), ang simulain sa nobelang ito ay siyang nagpasigla at nagpatibay ng loob ng mga Pilipino sa pakikidigma laban sa España at nagtaguyod sa kanila sa mahabang panahong ginugol sa pagtuklas ng kasarinlan. Ang El Filibusterismo ang siyang nagturo sa mga Pilipino ng pagkabihasa ng pagbabagong-buhay at ng landas

tungo sa kaligtasan – kaligtasang matatamo lamang sa pamamagitan ng sariling pagsisikap.

Sa pagpapatuloy ng aralin, panoorin ang bahagi ng pelikulang Jose Rizal na ipinalabas noong 1998. Ito ay naglalaman ng mga pangyayari noong panahon ng pananakop ng mga Kastila at naging kalagayan ng mga Pilipino na siyang nagbigay ng dahilan kay Dr. Jose Rizal upang isulat ang nobela. Suriin ang bawat pangyayari bilang gabay sa pagsagot sa mga gawaing nasa ibaba.


Narito ang link na nagmula sa youtube:
https://www.youtube.com/watch?v=O3KLxHKEatc at
https://www.youtube.com?watch?v=vtVmKdWgDqE

## MGA GAWAIN

### Gawain 1

**Panuto:** Mula sa napanood na bidyo, bumuo ng *timeline* ng kaligirang pangkasaysayan ng El Filibusterismo sa tulong ng sumusunod na susing salita.

**Tala ng Mahahalagang Pangyayari**



## Gawain 2

**Panuto:** Suriin ang mga halaw na larawan mula sa pinanood na bahagi ng pelikula. Tukuyin ang kalagayan ng ating bansa noong panahong iyon. Ipaliwanag.

1.



Pag-aalay ng salapi sa simbahan

______________________________
______________________________
______________________________

2.




Isang alagad ng simbahan may kasamang babaeng Pilipino sa kaniyang silid

______________________________
______________________________
______________________________

3.




Isang Pilipino na sapilitang hinihila ang mga taling nasa kaniyang mga kamay ng ilang guwardiya sibil

______________________________
______________________________
______________________________

4.




Nasusunog ang ilang tahanan at kabuhayan ng mga Pilipino

______________________________
______________________________
______________________________

5. 


Mga Pilipinong may hawak na gulok at itak

→ ______________________
______________________
______________________

**Gawain 3**

**Panuto**: Iugnay at ipaliwanag ang mga kalagayang panlipunan batay sa sariling karanasan ni Dr. Jose P. Rizal.

| Kalagayang Panlipunan | Karanasan ni Dr. Jose P. Rizal | Paliwanag |
|---|---|---|
| | | |
| | | |


## TANDAAN

Ang ningas ng apoy ng paghihimagsik na nagmula sa Noli Me Tangere ay unti-unting nagliyab at naglagabgab sa El Filibusterismo kaya naman ang pagkamamamayan ng isang Pilipino ay nagising sa pagkakahimbing. Larawan ito ng marubdob na pag-ibig sa bayan, paghihimagsik, kawalan ng sariling kalayaan at likong pananampalataya.

Ang nobelang ito ay dakilang pamana ni Dr. Jose P. Rizal. Ang kaniyang ideolohiyang panlipunan at makatotohanang paglalarawan ay naging salamin ng lahing Pilipino sa ating kasaysayan.

## PAG-ALAM SA MGA NATUTUHAN

**Panuto**: Magbahagi ng iyong sariling pananaw o saloobin hinggil sa naging layunin ni Dr. Jose P. Rizal sa paglikha niya ng nobela sa tulong ng *gratitude jar.*




## PANGWAKAS NA PAGTATAYA

**Panuto**: Piliin ang letra ng tamang sagot sa kahon at isulat ito sa patlang.

A. Edukasyon
B. Pag-ibig sa bayan
C. Pagkawala at pagkawasak ng mga ari-arian
D. Kalagayang Panlipunan
E. Pang-aabuso ng mga Kastila sa kapangyarihan

___ 1. Nagtulak kay Dr. Jose P. Rizal upang ipagtuloy ang kaniyang nasimulang nobela sa kabila ng kakulangan sa pondo

___ 2. Kalagayang panlipunan na nag-udyok kay Dr. Jose P. Rizal upang magtungo sa España

___ 3. Nakatuon dito ang mga pangyayaring inilalarawan sa El Filibusterismo

___ 4. Ideolohiya ni Dr. Jose P. Rizal na pinaniniwalaan niyang pinakamabisang paraan upang makalaya sa pang-aalipin

___ 5. Suliraning panlipunan na naging dahilan upang mauwi sa kahirapan ang kaniyang sariling pamilya at mga kababayan sa Calamba

## Susi sa Pagwawasto

Susi sa Pagwawasto:

Unang Pagsubok
1. D
2. B
3. D
4. C
5. D

Balik-tanaw
1. B
2. C
3. F
4. E
5. D

Pangwakas na Pagtataya
1. B
2. E
3. D
4. A
5. C

## Sanggunian:

Jose P. Rizal. (1998). Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=O3KLxHKEatc https://www.youtube.com?watch?v=vtVmKdWgDqE

De Guzman, Maria Odulio. (1960). Ang El Filibusterismo. Mandaluyong City, p366-367.